
4

# Edukasyong Pangkalusugan

## Kwarter 2 – Modyul 4:
## Sakit na Palipat-lipat




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyong Pngkalusugan – Ikaapat na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Kwarter 2 – Modyul 4: Sakit na Palipat-lipat**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Anthony C. Vista

**Editor:** Renato B. Gallenito

**Tagasuri:** Cynthia T. Montañez

**Tagaguhit:** Emma N. Malapo

**Tagalapat:** Anthony C. Vista

**Tagapamahala:** Regional Director: Gilbert T. Sadsad
CLMD Chief: Francisco B. Bulalacao, Jr.
Regional EPS In Charge of LRMS: Grace U. Rabelas
Regional ADM Coordinator: Ma. Leilani R. Lorico
CID Chief: Jerson V. Toralde
Division EPS In Charge of LRMS: Belen B. Pili
Division ADM Coordinator: Cynthia T. Montañez

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Telefax: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# 4

# Edukasyong Pangkalusugan

## Kwarter 2 – Modyul 4:
## Sakit na Palipat-lipat

## Paunang Salita

Ang Self-learning Module o SLM ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral so kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral mna may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahn ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## ***Alamin***

Magandang arw kaibigan!

Sinasabing mas mainam na ang gumastos para makaiwas sa mga sakit kaysa sa gumastos sa pagpapagamot ng sakit. Ang nakahahawang sakit ay tulad ng isang kadenang dugtong-dugtong ngunit ito ay maaari nating maiwasan. Ang kadena ng impeksyon/*chain of infection* ay maaaring pigilan o sugpuin sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga tamang gawaing pangkalusugan.

Ang modyul na ito ay binubuo ng isang aralin:

1. Mga nakakahawang sakit at kung paano ito nakukuha at maiiwasan.

Inaasahan na sa pagtatapos mo sa modyul na ito ay napagtagumpayan mong matamo ang sumusunod;

1. Nailalarawan kung paano naipapasa o naisasalin ang mga nakahahawang sakit mula sa isang tao sa ibang tao (H4DD-IIef-11).

## *Subukin*

Bago tayo tumungo sa ating bagong aralin, alamin muna natin kung ano at saan na ang alam mo tungkol dito.

Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa iyong sagutang papel.

1. Alin ang maaring dahilan ng pagkakasakit ng tao?
   A. regular na pagpapabakuna
   B. paghuhugas ng kamay
   C. pagtulog nang tama sa oras
   D. paghina ng resistensiya

2. Alin sa mga sumusunod na gawain ang sanhi ng pagsalin ng nakahahawang sakit mula sa isang tao sa ibang tao?
   A. pagpapabakuna
   B. pagsalo sa kinakain ng may sakit
   C. paggamit ng '*mask*' at '*gloves*' kapag nag-aalaga ng may sakit
   D. pagkonsulta nang regular sa doktor

3. Ano ang sanhi ng pagkalat ng sakit na dengue?
   A. virus dala ng lamok
   B. ihi ng dagang sumasama sa tubig
   C. kontaminadong pagkain
   D. bacteria na nagmumula sa bulate

4. May ubo't sipon ang iyong kaklase. Ano ang dapat mong gawin?
   A. Pahiramin siya ng panyo
   B. Payuhan siyang umuwi na.
   C. Magtakip ng ilong at bibig kapag kausap siya.
   D. Sabihan siyang lumipat ng upuang malayo sa iyo.

5. Nabalitaan mong natrangkaso ang iyong kaklase, ano ang iyong gagawin?

A. aalagaan ko siya
B. dadalawin ko siya at yayakapin
C. sasabihan ko siyang magpagaling nang husto bago pumasok
D. sasabihan ko siyang huwag na niya akong lalapitan pagpasok niya sa paaralan



Tingnan ang tamang sagot sa pahina 16.

Ilan ang nakuha mo?

Magaling kung nakuha mo lahat ng tamang sagot. Ayos lang kung hindi mo nakuha lahat dahil mas lilinangin pa natin ang iyong kaalaman sa pagpapatuloy mo sa modyul na ito.


# Aralin 1 Paano Naipapasa ang mga Nakahahawang Sakit


Ang nakahahawang sakit ay mahirap pigilan kung ito'y ating pababayaan. Madaling kumalat at makaapekto sa ibang tao kung hindi tayo mag-iingat. Aalamin natin sa araling ito kung paano nga ba naisasalin o naipapasa ng isang tao sa ibang tao ang nakahahawang sakit.

## *Balikan*

Lagyan ng angkop na pamagat ang mga sangkap ng Kadena ng Impeksiyon. Piliin ang sagot sa loob ng kahon sa ibaba.

| | | |
|---|---|---|
| Reservoir | Portal of Entry | Susceptible Host |
| Mode of Transmission | Agent | Portal of Exit |





Tingnan ang tamang sagot sa pahina 16.

Nakuha mo ba ang lahat ng tamang sagot? Maaari ka nang magpatuloy kung nakuha mo lahat. Kung hindi naman, maaari mong balikan sa mga nakaraang modyul ang mga konseptong hindi mo nakuha nang tama.

## *Tuklasin*

Tingnang mabuti ang larawan sa ibaba.



**Larawan A**




**Larawan B**


Ano ang ginagawa ng batang nasa mga larawan?
Tama ba nag ginawa ng bata sa larawan A at B? Bakit?

Sa iyong palagay, ano-ano ang maaaring maging dulot ng ubo at sipon sa ibang tao?

## *Suriin*

Balikan natin ang Kadena ng Impeksiyon. Ito ang makatutulong sa ating upang mailarawan natin kung paano naisasalin o naipapasa sa ibang tao ang mga nakahahawang sakit.






**Source:** *Chain of Infection*
*https://www.ottawapublichealth.ca/en/professionals-and-partners/chain-of-infection.aspx*

Sundan natin ang Kadena ng Impeksiyon upang maipaliwanag ang pagkalat ng isang sakit.

1. Magsisimula ang isang sakit sa tinatatwag nating mga mikrobyo. Ito ay maaaring *bacteria, viruses,* o *parasites.*

Tulad ng sakit na ubo o pulmonya, ito ay sanhi ng isang *virus, bacteria* o *fungi.*

2. Ang mga mikrobyo ay maghahanap ng lugar (reservoir) upang ito ay magparami. Tulad ng mga mikrobyong sanhi ng pulmonya, dumarami ito kapag ito ay pumasok na sa *respiratory tract* patungo sa baga ng isang tao. Dito sila magpaparami na siyang dahilan ng pagkakasakit ng isang tao.


3. Kapag nagsimula ng magkasakit ang isang tao, maaring mailabas ang mga mikrobyo tuwing siya ay babahing o uubo. Kapag nagyari ito, maaring makalabas ang bacteria na sanhi ng pulmonya sa bibig o ilong ng isang tao. Ito ang *portal of exit* o daanan palabas ng mikrobyo galing sa isang tao.

4. Kapag nagsimula ng umubo o bumahing ang isang tao, naglalabas siya ng droplets na may dalang mikrobyo na puwedeng kumapit sa mga bagay na malapit sa kanya o sa mga hinahawakan niya. Dito na magsisimulang kumalat ang *bacteria.*

5. Kapag nasa labas na ang bacteria, maghahanap nanaman ito ng papasukan (*portal of entry*) upang magsimulang magparami ulit. Maaring ito ay ang bibig, mata, o ilong ng isang tao. Sa halimbawa natin, kapag nalanghap ng isang tao ang mga *droplets* mula sa pagbahing o pag-ubo ng isang taong may pulmonya o nahawakan niya ang mga bagay na kontaminado ng mikrobyo, dito na magsisimulang maisalin ang sakit sa kanya.

6. Ang taong ito ay ang susunod na mahahawa sa nasabing sakit o ang tinatawag nating *susceptible host.*

Suriin ang sumunod na larawan kung paano naisasalin o naipapasa sa ibang tao ang sakit ng pulmonya.




Kung hindi mag-iingat ang maysakit o mga taong nakapaligid sa isang taong maysakit, madaling maipapasa sa kanya ang isang nakahahawang sakit.

## *Pagyamanin*

**Gawain 1. Ibigay Mo!**


Magbigay ng tatlong halimbawa ng nakahahawang sakit, ang sintomas nito at kung paano ito maiwasan. Isulat sa kahon ang iyong sagot.

| Sakit | Sintomas | Paano Kumakalat |
|---|---|---|
| 1. | | |
| 2. | | |
| 3. | | |

**Gawain 2. Ayusin Mo!**


Isulat sa loob ng kadena ng impeksiyon kung paano naipapasa ang sakit na Tuberkolosis. Ayusin ang mga salita o parirala sa tamang pagkakasunod-sunod upang mabuo nang tama ang kadena.

- Kahit sino
- Ilong/bibig
- Pagsasalita, pag-ubo, pagbahing, paghawak sa mga bagay
- Baga ng isang tao
- Mikrobyong Mycobacterium tuberculosis
- Ilong/bibig





**Gawain 3. Mikrobyong Palipat-lipat**

Isulat sa loob ng Kadena ng Impeksiyon kung paano naipapasa ang sakit ng Dengue.



## *Isaisip*


Ilarawan kung paano naipapasa o naisasalin mula sa isang tao sa ibang ibang tao ang isang nakahahawang sakit sa pamamagitan ng pagbuo ng *Flow Chart* sa ibaba.



## *Isagawa*

Paano ka makakaiwas upang hindi mahawaan o maipasa sa iyo ang mga nakahahawang sakit? Sumulat ng limang paraan.

| |
|---|
| |
| |
| |
| |
| |



## *Tayahin*

Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat ito sa iyong sagutang papel.

1. Alin sa sumusunod ang halimbawa ng infection agents?
   A. tao
   B. dugo
   C. kamay
   D. bacteria

2. Ito ang lugar kung saan nagpaparami ang mikrobyo. Anong element ng kadena ng impeksiyon ang tinutukoy nito?
   A. infectious agents
   B. portal of entry
   C. portal of exit
   D. reservoir


3. Anong sakit ang maaaring makahawa o kumalat sa pamamagitan ng *respiratory droplet*?
   A. leptospirosis
   B. dengue
   C. pigsa
   D. sipon

4. Sa anong paraan kumakalat ang sakit na trangkaso, tuberkolosis, at SARS?
   A. hangin
   B. pagkain
   C. tubig
   D. hayop

5. Alin ang dahilan ng paghahawa-hawa ng sakit sa balat?
   A. pakikipaglaro sa kapuwa bata
   B. pakikipagsayawan sa ibang bata
   C. pakikipag-away sa ibang bata
   D. paggamit ng damit at sabon ng iba

## *Karagdagang Gawain*

Magsaliksik ng iba pang mga nakahahawang sakit at buoin ang kadena ng impeksiyon upang mailarawan ang pagpasa o pagsalin nito sa ibang tao.



# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. D  2. B  3. A  4. C  5. C


**Balikan**

1. Agent  2. Reservoir  3. Portal of Exit
4. Mode of Transmission  5. Portal of Entry  6. Susceptible Host


**Pagyamanin**

Gawain 1. Tingnan ang bahaging Tuklasin ng Module 1 ng Quarter 2

Gawain 2




Gawain 3




**Isagawa**

Mga maaring sagot:

1. Palagiang paghuhugas ng kamay ng malinis na tubig at sabon.
2. Kung walang tubig at sabon, maaaring gumamit ng hand sanitizer.
3. Takpan ang bibig at ilong kung uubo at magbabahing.
4. Iwasang hipuin o kuskusin ang iyong mata, ilong, at tainga.
5. Magsuot ng tsinelas o bakya sa tuwing gagamit ng palikuran.
6. Punasan ang anomang bagay gaya ng desk o mesa bago ito hawakan o hipuin.
7. Iwasang makihalubilo sa mga taong may sakit at may karamdaman.

**Tayahin**

1. D  2. D  3. D  4. A  5. D

## *Sanggunian*


https://www.ottawapublichealth.ca/en/professionals-and-partners/chain-of-infection.aspx

Kagawaran ng Edukasyon, Edukasyong Pangkatawan at Pangkalusugan Patnubay ng Guro, Book Media Press Inc.,2015

Kagawaran ng Edukasyon, Edukasyong Pangkatawan at Pangkalusugan Kagamitan ng Mag-aaral, Book Media Press Inc., 2015

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph